| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am NINA SHERRY L. CLEMENTE | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | APRIL 11-14, 2023 (WEEK 9) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| I. LAYUNIN | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **A. PAMANTAYANG PANGNILALAMAN** | | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita atpagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita atpagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita atpagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita atpagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin |
| **B. PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan |
| **C. MGA KASANAYAN SA PAGKATUTO** (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | | **F1PS-IIc-3**<br>Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan)<br>• **F1PN-IIIh-5**<br>Naisasakilos ang napakinggang tula o awit<br>• **F1WG-IIIh-j-6**<br>Nasasabi ang paraan, panahon, at lugar ng pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan | **F1PS-IIc-3**<br>Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan)<br>• **F1PP-IIIh-1.4**<br>Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan | **F1PS-IIc-3** Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan)<br>• **F1KP-IIIh-j-6** Napapalitan at nadadagdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita | **F1PS-IIc-3**<br>Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan)<br>• **F1EP-IIIh-4.1**<br>Nagagamit nang wasto at ayos ang silid-aklatan: mga dapat ikilos o iasal sa silid- aklatan<br>• **F1PL-0a-j-7**<br>Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa |
| **II. NILALAMAN** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | | | | | |
| **B. Kagamitan** | | Tsart, larawan | Tsart, larawan | Tsart, larawan | Tsart, larawan |
| III. | | | | | |
| A. Balik-aral at/o pagsisimula ng bagong aralin | | Ituro sa klase ang awiting "Kahit Konti" na isinulat ni Gary | Pagpapaawit ng kantang "Kahit Konti" ng pangkatan(batay sa ibinigay na kasunduan kahapon) | Gamitin ang isang linya sa aklat na *Ako'y Isang Mabuting Pilipino* | Magpaskil ng manila paper kung saan nakasulat ang tatlong |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Granada at orihinal na inawit ni Florante. Matatagpuan ang titik at tono ng awit na ito sa Internet: http://youtu.be/kZreG1v7dU8. | | bilang lunsaran para sa bahaginan ngayong araw. Gabayan ang klase sa paglalahad tungkol sa mga simpleng paraan upang maipakita nila ang kanilang pangangalaga sa kapaligiran. | bugtong at isang salawikain tungkol sa aklat at kahalagahan ng pagbabasa. |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | | Iugnay ang ituturong awitin sa aklat na binasa kahapon at sa tema para sa linggong ito.<br>**Sabihin:** *Pagmasdan natin itong larawan sa pabalat ng aklat na**Ako'y Isang Mabuting Pilipino.** Ano itong sinasakyan ng ale at minamaneho ng mamang tsuper?* (Sagot: jeepney) *May isa pang larawan ng jeepney dito sa loob ng aklat, sa p. 4. Ano ang napapansin ninyo sa jeepney? Ilan ang pasahero nito? Puno ba ang jeepney o siksikan? Nakaranas na ba kayong sumakay ng siksikang jeepney? Ano ang mahirap gawin kapag nasa siksikang jeepney?* (Sagot: mahirap umupo) *Para sa panimulang gawain, aawit tayo ng isang kanta na may kinalaman sa pagsakay sa pampasaherong jeepney. May kaugnayan din ang kantang ito sa tema natin ngayong linggo:* **Ang Pagiging Mabuting Mamamayan***. Aawitin ko/patutugtugin ko muna ang kanta. Habang inaawit/pinapatugtog ko ito, mag-isip ng mga kilos o galaw na maaari* | Pagsasagawa ng larong "Agaw Bitin'<br>Hahanapin nila ang magiging kapareha nila batay sa kahulugan nito. | **Sabihin:** *Ang tema natin para sa linggong ito ay tungkol sa pagiging mabuting mamamayan. Sa aklat na* ***Ako'y Isang Mabuting Pilipino****, may bahagi doon tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran. Babasahin ko ito.* | Basahin at ipaalala sa klase ang mga bugtong na natalakay na sa klase noong nakaraan. Ipasabi sa kanila kung ano ang sagot sa mga bugtong na ito:<br>**—Walang bibig, walang pakpak, kahit hari'y kinakausap.**<br>(Sagot: aklat)<br>**— Hindi halaman, maraming dahon, ang idinudulot ay dunong.** (Sagot: aklat) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | *nating gawin upang mas maipakita ang sinasabi ng awitin. Pagkatapos, aawitin natin ito nang sabay-sabay at ipapakita ninyo sa akin ang kilos o galaw na naisip ninyo.* | | | |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | | Magpaskil ng manila paper kung saan nakasulat ang titik ng awiting "Kahit Konti." Awitin o ipatugtog ang kanta upang maituro ang tono. Pagkatapos awitin, patayuin ang mga mag-aaral at pasabayin sa muling pag-awit, habang ipinapakita nila ang kilos na sa tingin nila ay akma para sa mga sinasabi ng awitin.<br>• Pansinin ang mga mag-aaral na nakapag-isip ng mga akmang kilos at iyong mga hindi pa naikikilos ang salita. Pansinin din ang mga salita na hindi nalalapatan ng tamang kilos (palatandaan ito na maaaring hindi pa malinaw ang kahulugan ng salita at kailangan pang ipaliwanag.) | Habang umaawit ang klase, isulat ang mga salitang ito sa pisara: maselan, makatuwiran, kapiraso, kung tutuusin, magkasundo, sakali man. | Basahin ang bahagi ng aklat sa p. 31 na nagsisimula sa "Hindi ako nagkakalat ng basura…"<br>**Itanong:** *Mahalaga ba ang pagbibigay-galang at pag-aalaga sa kapaligiran sa pagiging mabuting Pilipino? Bakit?* (kumuha ng ilang sagot) *Ano ang ilang simpleng paraan upang maipakita natin ang pangangalaga natin sa kapaligiran, bukod sa mga nabanggit na sa aklat? Pag-usapan ninyong magkatabi ang inyong ideya tungkol dito. Pagkatapos, tatawag ako ng ilang mag-aaral upang maglahad ng kanilang sagot sa buong klase. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula sa pisara:* ***Inaalagaan ko ang aking kapaligiran sa tuwing ______________.*** Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap upang mas maging malinaw ang gawain sa buong klase.<br>Halimbawa: "Inaalagaan ko ang aking kapaligiran sa tuwing nagtatanim ako ng halaman sa aming bakuran."<br>• Umikot sa buong klase habang nag-uusap ang magkatabi at obserbahan ang tatas ng kanilang usapan. Tukuyin ang mga bata na kailangan pa ng dagdag na praktis at tandaang tawagin sila sa bahaginan sa mga susunod na araw. Matapos ang tatlong minutong | Basahin din ang sumusunod na salawikain tungkol sa pagbabasa: **"Pagbabasa ng libro ay ugaliin, pagkamangmang ay wasakin."** (Kung may iba pang nais gamitin na salawikain tungkol sa aklat, banggitin din ito.)<br>**Itanong:** *Bakit mahalaga ang mga aklat at ang pagbabasa? Ano ang naidudulot nito sa atin? Mahilig ba kayong magbasa? Magbigay ng pamagat ng aklat o kuwento na narinig o nabasa na ninyo bukod sa mga binasa natin dito sa klase. Dito sa paaralan, saan kayo maaaring tumungo kung gusto ninyong makapagbasa ng iba-ibang libro?* |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | pagbabahaginan ng mga magkakatabi, tumawag ng dalawang magaaral upang maglahad sa buong klase. | |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | | Tulungan ang mga mag-aaral sa pag-uugnay ng mensahe ng awitin sa<br>tema para sa linggong ito. Gamitin din ang talakayan sa pag-ugnay ng<br>ilang linya mula sa kanta sa konsepto ng paraan, lugar, at panahon ng<br>pagsagawa ng kilos. Itanong ang sumusunod:<br>• Sino ang nagsasalita sa kanta? Ano ang pinapakiusap niya sa tagapakinig?<br>• Ano ang tono na ginagamit ng nagsasalita sa kanta? Kapag narinig<br>natin ang mga salitang "maaari ba…" ano ang ipinapakita nito sa kinakausap? (Posibleng sagot: magalang na pananalita, may konsiderasyon sa kinakausap, hindi nang-uutos, humihiling/ nakikiusap)<br>• Gusto ba ninyo ang tono na ginamit ng nagsasalita? Bakit? Kung<br>ganito ang pananalita ng kausap ninyo, mas malamang ba na sumang-ayon kayo sa kaniyang sinasabi?<br>• Ano ang mga linya sa awit na nagpapaala sa atin kung paano tayo dapat umasal o makitungo sa ibang tao? (Posibleng sagot: magkasundo tayo, huwag magtulakan, hati-hati, madadaan sa<br>usapan)<br>• Ano ang ilang linya sa awit na nagapakita ng paraan, panahon, o | **Sabihin:** *Palalimin pa natin ang pagkakaunawa natin sa mga salitang*<br>*ito na makikita natin sa kantang "Kahit Konti." May babasahin akong*<br>*pangungusap na gamit ang salita na nakalista dito. Tukuyin kung ano ang kahulugan ng salita batay sa pagkakagamit ng salita sa kanta at sa*<br>*pangungusap na babanggitin ko.*<br>**Pangungusap 1:** Hindi siya **maselan** sa pagkain. Kahit ano, kinakain niya.<br>**Itanong:** *Sa awitin, ang sinabi ng nagsasalita ay hindi siya* **maselan** *kaya't madali siyang kausap. Dito naman sa pangungusap, hindi rin*<br>Banggitin ang sumusunod na pangungusap:<br>a. Lubusan kong naintindihan ang lahat ng salita sa kantang "Kahit Konti."<br>b. Madaling-madali para sa akin ang pagsabi kung ano ang mensahe ng awiting "Kahit Konti."<br>c. Alam na alam ko na kung paano masasabi ang paraan ng pagsagawa ng aksiyon sa isang pangungusap.<br>d. Alam na alam ko na kung paano masasabi ang lugar ng pagsagawa ng aksiyon sa isang pangungusap.<br>e. Alam na alam ko na kung paano masasabi ang panahon ng pagsagawa ng aksiyon sa isang pangungusap. | Iugnay ang gagawing pagsasanay tungkol sa pagbubuo ng bagong salita sa paksa ng kapaligiran. Isulat ang sumusunod na salita sa pisara: **sapa**, **ilog**, **dagat**, **hangin**, **lupa**.<br>**Sabihin:** *Basahin natin ang mga salitang nakasulat sa pisara. Sabayan ninyo ako.* (Basahin nang malinaw ang mga salita.)<br>*Ano ang napapansin ninyo sa mga salitang ito? Ano ang kaugnayan nila sa isa't isa? Ano ang kaugnayan nila sa bahaginan natin kanina tungkol sa kapaligiran?*<br>• Kumuha ng ilang kasagutan. Ipaliwanag ang kaugnayan ng mga salita, at ang kahulugan ng bawat isa.<br>• Ilabas ang pocket chart at tulungan ang mga mag-aaral sa pagtukoy<br>ng mga tunog na bumubuo sa bawat salita. Ibaybay sa pocket chart<br>ang salita gamit ang mga letter card. Sabihin muna ang buong<br>salita, pagkatapos ay isa-isang ilagay ang letter card sa pocket chart habang binabanggit ang tunog nito. Kapag nabuo na ang salita,<br>ipabasa ang salita sa klase.<br>• Matapos mabuo ang orihinal na salita sa pocket chart, tulungan<br>ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng bagong salita sa pamamagitan<br>ng pagpapalit ng letra/tunog o pagdagdag ng letra/tunog. Isulat<br>ang mabubuong salita sa pisara.<br>• May ilang mungkahi at halimbawa para sa gawaing ito sa ibaba. Maaaring ibahin o dagdagan pa ang naibigay dito.<br>— **Sapa.** Ano kaya ang mabubuong salita kung: | Ihanda ang buong klase para sa pagbisita at paggamit ng silidaklatan<br>ng paaralan. Ipaalala ang ilang mga tuntunin sa paggamit<br>ng mga libro at pag-aasal sa loob ng silid-aklatan. Halimbawa:<br>a. Manatiling tahimik sa loob ng silid-aklatan.<br>b. Maging maingat sa pagbubuklat ng mga pahina ng aklat.<br>c. Isauli sa tamang lugar ang mga nagamit na aklat.<br>d. Humingi ng tulong sa nakatatanda kapag kinakailangan.<br>e. Huwag susulatan o dudumihan ang mga aklat.<br>• Samahan ang buong klase sa silid-aklatan at ipakilala sa kanila ang<br>tagapangasiwa nito. Iwanan ang karamihan ng mga mag-aaral sa silid-aklatan, ngunit tawagin ang unang pangkat na sasailalim sa pagtataya at isama muli sa silid-aralan. Maaari silang tumungo muli<br>sa silid-aklatan kapag natapos na sila sa pagtataya. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | lugar ng pagkilos? (Posibleng sagot: kahit konti, kahit kapiraso, upong-upo, oras-oras, sa lipunan, nang konti)<br>• Ano ang kabuuang mensahe na nakuha ninyo mula sa awitin? Bakit mahalagang sundin ang pakiusap ng kanta upang maging mabuting mamamayan?<br>• Paano ninyo maisasagawa ang pakiusap ng kanta tungkol sa pagbibigayan kapag nakikitungo kayo sa inyong mga kaklase? Kalaro? Kapitbahay? Kapamilya? Magbigay ng ilang halimbawa ng maaari ninyong gawin upang maipakita ang pagbibigayan. | • Humanap ng panahon upang tanungin ang mga hindi pumalakpak sa mga pangungusap kung ano ang hindi pa gaanong malinaw sa kanila. Balikan ang mga konseptong ito sa mga susunod na araw.**maselan***sa pagkain ang nagsasalita. Ano kaya ang ibig sabihin ng* **talaan maselan***?*<br>Isulat: **maselan** = maarte, mapili, mahirap pasayahin<br>**Pangungusap 2:** Dahil **makatuwiran** naman ang kaniyang paliwanag sa kaniyang magulang, pinayagan siyang sumama sa *field trip* ng paaralan.<br>**Itanong:** *May nakapaloob bang mas maikling salita sa salitang ito? Ano ang ibig sabihin ng katuwiran? Bakit nakatutulong ang* **makatuwiran** *na paliwanag sa pagkumbinse sa magulang dito sa pangungusap? Ano kaya ang kahulugan ng* **makatuwiran***?*<br>Isulat: **makatuwiran** = may tamang rason, may punto<br>**Pangungusap 3: Kapiraso** na lamang ang natira sa bibingkang binili ni nanay dahil lima kaming naghati-hati dito.<br>**Itanong:** *Ano ang mga salita dito sa pangungusap na nagbibigay ng pahiwatig kung ano ang ibig sabihin ng* **kapiraso***? May salita din ba na nakapaloob sa salitang* **kapiraso***? Ano ang ibig sabihin ng piraso? Ano kaya ang ibig sabihin ng* **kapiraso***?*<br>Isulat: **kapiraso** = katiting, maliit na bahagi | a. Palitan natin ang ***s*** ng ***k***? **(kapa)**<br>b. Palitan natin ang ***k*** ng ***t***? **(tapa)**<br>c. Palitan natin ang ***t*** ng ***m***? **(mapa)**<br>— **Ilog.** Ano kaya ang mabubuong salita kung<br>a. Dagdagan natin ng ***b*** ang ***-ilog***? **(bilog)**<br>b. Palitan natin ang ***bi-*** ng ***tu-***? **(tulog)**<br>c. Palitan natin ng ***ng*** ang ***g***? **(tulong)**<br>**-Dagat.** Ano kaya ang mabubuong salita kung<br>a. Palitan natin ng ***k*** ang ***d***? **(kagat)**<br>b. Palitan natin ng ***l*** ang ***g***? **(kalat)**<br>— **Hangin.** Ano kaya ang mabubuong salita kung<br>a. Palitan natin ang ***h*** ng ***b***? **(bangin)**<br>b. Palitan natin ng ***o*** ang ***i***? **(bangon)**<br>— **Lupa.** Ano kaya ang mabubuong salita kung<br>a. Palitan natin ang ***p*** ng ***m***? **(luma)**<br>b. Palitan natin ng ***-ot*** ang ***a***? **(lumot)**<br>c. Palitan natin ng ***k*** ang ***l***? **(kumot)** | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | **Pangungusap 4: Kung tutuusin**, hindi na kagulat-gulat na nanalo siya sa paligsahan, dahil napakasipag niyang mag-ensayo.<br>**Itanong:** *Narinig na ba ninyo ang katagang ito? Kailan ito madalas gamitin? Ano ang maaari nating ipalit na salita sa* **tutuusin** *na magbibigay ng kaparehong kahulugan?*<br>Isulat: **kung tutuusin** = kung iisipin<br>**Pangungusap 5:** Isang oras silang nagtalo pero hindi sila **magkasundo** tungkol sa gusto nilang sine, kaya't magkaiba na lang ang pinanood nila.<br>**Itanong:** *May salita ba dito sa pangungusap na nagpapakita ng kabaligtaran ng* **magkasundo***? Ano kaya ang ibig sabihin ng* **magkasundo***?*<br>Isulat: **magkasundo** = magkaayos, mahinto ang away o pagtatalo<br>**Pangungusap 6:** Kung **sakali man** na mapadaan kayo muli dito sa bayan naman, bisitahin ninyo kami at malugod naming kayong tatanggapin.<br>**Itanong:** *Batay sa pangungusap, sigurado ba na mapapadaan o makakabalik ang kinakausap? Kailan kaya ginagamit ang katagang* **sakali man***? Ano kaya ang ibig sabihin nito?*<br>Isulat: **sakali man**= kung magkataon, kung mangyari | | |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | | Gamitin ang ilang larawan mula sa aklat na *Ako'y Isang Mabuting Pilipino* upang sanayin ang mga mag-aaral sa pagtukoy sa aksiyon at pagbuo ng mga pangungusap tungkol sa nararapat na paraan, | Basahing muli ang mga salita at ang kahulugan nito. Pasabayin ang mga mag-aaral sa pagbabasa.<br>• Gabayan ang mga bata sa gawaing magkapareha. Gagawa sila | Gawin ang Pangkatang Gawain | Pagsasadula ng mga gawain sa loob ng silid-aklatan. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | panahon, at lugar ng pagsagawa ng mga aksiyon na ito.<br>**Sabihin:** *Sa pagtalakay natin kanina sa kantang "Kahit Konti," nakapagbanggit tayo ng ilang salita na nagpapakita ng paraan, lugar, at panahon ng pagsagawa ng mga kilos. Ngayon naman, pagmasdan natin ang ilang larawan sa aklat na* ***Ako'y Isang Mabuting Pilipino****. Tutukuyin natin ang aksiyon na ipinapakita. Pagkatapos, sasagutin natin ang mga tanong na kailan, paano, at saan upang makabuo ng mga pangungusap tungkol sa kilos o aksiyon na ipinapakita ng mga larawang ito.* | ng sarili nilang pangungusap gamit ang mga salita sa talasalitaan. Bigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa gawaing ito. Umikot sa klase habang nag-uusap ang magkapares ang pakinggan ang kanilang bahaginan. Matapos ang limang minuto, tumawag ng anim na magkapares na maglalahad ng kanilang pangungusap para sa itatakda sa kanilang salita. Wastuhin ang anumang pagkakamali | | |
| F. Paglinang sa kabihasnan *(Tungo sa Formative Assessment)* | | Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong para sa bawat larawan na ibinigay sa ibaba. Isulat sa pisara ang kilos o aksiyon at ang sagot sa mga tanong na **paano**, **kailan**, at **saan** tungkol sa kilos na ito. Tulungan ang mga mag-aaral na bumuo ng pangungusap ukol sa dapat na iasal kapag isinasagawa ang aksiyon na nakita sa larawan. (Halimbawa: "Dapat maglaro kapag wala nang ibang naiiwang gawaing bahay. Dapat maglaro sa ligtas na lugar. Dapat maglaro nang mahinahon at nang hindi nag-aaway.") Isulat ang mga mabubuong pangungusap sa pisara. | Umisip ng salita at piliting makabuo ng panibagong salita mula dito.(mas maraming mabubuo mas mainam) | | Magsagawa ng gawaing pagtataya ukol sa mahahalagang pinag-aralan sa linggong ito. Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod at sasagutin nila ito nang palahad.<br>— Ipaliwanag sa sariling pananalita, o gamitin sa isang pangungusap, ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa grupo): **makatuwiran**, **kapiraso**, **kung tutuusin**, **sakali man**, **maselan**, **magkasundo**.<br>— Pakinggan ang pangungusap at sabihin kung ang mga salitang tutukuyin ko ay nagpapakita ng lugar, paraan, o panahon ng paggawa ng aksiyon. (Pumili lamang ng isang pangungusap para sa bawat bata sa grupo.) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | **Ipakita ang larawan sa p. 16.**<br>**Itanong:**<br>a. *Ano ang ginagawa ng dalawang bata rito sa bandang kaliwa?*<br>(Sagot: naglalaro) *Kailan tayo dapat maglaro? Saan tayo dapat maglaro? Paano tayo dapat maglaro?*<br>b. *Ano ang ginagawa ng bata sa dakong kanan?* (Sagot: nagtatapon ng basura) *Kailan dapat magtapon ng basura? Saan dapat magtapon ng basura? Paano dapat magtapon ng basura?*<br>**Ipakita ang larawan sa p. 18.**<br>**Itanong:**<br>*Ano ang ginagawa ng mag-tatay dito sa larawan?* (Sagot: nagwawalis)<br>*Kailan tayo dapat magwalis? Saan tayo dapat magwalis? Paano tayo dapat magwalis?*<br>**Ipakita ang larawan sa p. 20.**<br>**Itanong:**<br>*Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?* (Sagot: nagmamano) *Kailan tayo dapat magmano? Saan tayo dapat magmano? Paano tayo dapat magmano?*<br>**Ipakita ang larawan sa p. 21.**<br>**Itanong:**<br>*Ano ang ginagawa ng mag-ama sa larawan?* (Sagot: nag-aaral/ nagbabasa/nagsusulat) *Kailan tayo dapat mag-aral? Saan tayo dapat mag-aral? Paano tayo dapat mag-aral?* | | | (1) Dahan-dahan niyang inilagay ang mga plato sa mesa.<br>(a) dahan-dahan<br>(b) sa mesa<br>(2) Nagdarasal sila ng orasyon tuwing alas dose ng tanghali at alas sais ng gabi.<br>(a) Alas dose ng tanghali<br>(b) Alas sais ng gabi<br>(3) Dali-dali niyang kinain ang kaniyang parte ng hapunan sa hapag-kainan dahil natatakot siyang maagaw ito.<br>(a) dali-dali<br>(b) sa hapag-kainan<br>(4) Napakahina niyang magsalita kapag nasa loob ng silid-aklatan.<br>(a) napakahina<br>(b) nasa loob ng silid-aklatan<br>(5) Mabilis siyang magtaas ng kamay kapag alam niya ang sagot.<br>(a) mabilis<br>(b) kapag alam niya ang sagot(6) Masarap kumain ng halo-halo tuwing tag-init. **talaan**<br>(a) masarap<br>(b) tuwing tag-init<br>— Sabihin kung ano ang mabubuong salita kapag pinalitan ang babanggitin kong letra o tunog ng iba pang letra o tunog na ibibigay ko (pumili ng dalawang set para sa bawat bata. Maaaring ipagamit ang pocket chart o ang pisara):<br>**(1) Saya.** Palitan ang ***s*** ng ***t***.<br>**(2) Taya.** Palitan ng ***k*** ang ***t***.<br>**(3) Kaya**. Palitan ng ***m*** ang ***k***.<br>**(4) Maya.** Palitan ng ***l*** ang ***la-***.<br>**(5) Laya.** Palitan ng ***bu-*** ang ***m***.<br>**(6) Buwaya**. Palitan ng ***n*** ang ***-ya***.<br>**(7) Buwan.** Palitan ang ***bu-*** ng ***ha-***. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | **Ipakita ang larawan sa p. 22.**<br>**Itanong:**<br>*Ano ang gagawin nitong bata sa bandang itaas ng larawan?*<br>(Sagot: tatawid ng lansangan)<br>*Kailan tayo dapat tumawid? Saan tayo*<br>*dapat tumawid? Paano tayo dapat tumawid?* | | | **(8) Hawan.** Palitan ng ***k*** ang ***n***.<br>**(9) Hawak.** Palitan ng ***l*** ang ***w***.<br>**(10) Halak.** Palitan ng ***i*** ang ikalawang ***a***.<br>**(11) Halik.** Dagdagan ng ***-an***sa dulo.<br>**(12) Halikan.** Palitan ng ***b*** ang ***h***.<br>**(13) Balikan.** Palitan ng ***t*** ang ***n***.<br>**(14) Balikat.** Palitan ng ***pu-*** ang ***ba-***.<br>**(15) Pulikat.** Palitan ng ***s*** ang ***-kat***.<br>**(16) Pulis.** Palitan ng ***t*** ang ***p***.<br>**(17) Tulis.** Palitan ng ***a***ang ***-is***.<br>**(18) Tula.** Palitan ng ***p*** ang ***t***.<br>**(19) Pula.** Palitan ng ***b*** ang ***p***.<br>**(20) Bula.** Dagdagan ng ***k*** ang dulo.<br>**(21) Bulak.** Palitan ng ***t*** ang ***b***.<br>(**Tulak**) |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | | Bigyan ng pagkakataon ang bawat mag-aaral na makapagkwento ng sariling karanasan sa pagtulong sa ibat-ibang gawain sa tahanan,paaralan at pamayanan. | Magkwento tungkol sa isang karanasan sa field trip. Pumili ng mga salita na bibigyan ng kasingkahulugan. | Pagsasagawa ng laro | Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na gumamit ng silid-aklatan. |
| H. Paglalahat ng aralin | | Ano ang dapat tandaan sa pagsasakilos ng awit? | Ano ang salitang magkasingkahulugan? | Ano ang mangyayari kapag pinalitan ang unang tunog/letra sa isang salita? | Ano-ano ang dapat tandaan pag gumagamit ng silid-akltan? |
| I. Pagtataya ng aralin | | Paggamit ng performance rubrics batay sa ginawang pagsasakilos ng awit. | salitang nasa hanay A sa hanay B.Titik lamang.<br>Hanay A<br>_1. masarap<br>_2. berde<br>_3. mayaman<br>_4. matalino<br>_5. Malaki<br><br>Hanay B<br>a. marunong<br>b. malinamnam<br>c. mapera<br>d. luntian<br>e. malawak | Palitan ang unang tunog /letra ng mga sumusunod na salita upang makabuo ng panibagong salita.<br>1. masa<br>2. tao<br>3. buto<br>4.upo<br>5. laway | |
| J.Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation | | | | | |
| **IV. MGA TALA** | | | | | |
| **V. PAGNINILAY** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | ___ bilang ng Mag-aaral na nakakuha ng 80% sa Pagtataya | ___ bilang ng Mag-aaral na nakakuha ng 80% sa Pagtataya | ___ bilang ng Mag-aaral na nakakuha ng 80% sa Pagtataya | ___ bilang ng Mag-aaral na nakakuha ng 80% sa Pagtataya | ___ bilang ng Mag-aaral na nakakuha ng 80% sa Pagtataya |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng gawain para sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng gawain para sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng gawain para sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng gawain para sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng gawain para sa remediation |
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mga mag-aaral na naka-unawa sa aralin | ___Oo ___Hindi<br>____ bilang ng mag-aaral na naka-unawa sa aralin | ___Oo ___Hindi<br>____ bilang ng mag-aaral na naka-unawa sa aralin | ___Oo ___Hindi<br>____ bilang ng mag-aaral na naka-unawa sa aralin | ___Oo ___Hindi<br>____ bilang ng mag-aaral na naka-unawa sa aralin | ___Oo ___Hindi<br>____ bilang ng mag-aaral na naka-unawa sa aralin |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | ___ bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation |
| E. Alin sa mga istratehiya sa pagtuturo ang nakatulong ng lubos? | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro? | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from<br>views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be<br>used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from<br>views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be<br>used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from<br>views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used<br>as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from<br>views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used as<br>Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from<br>views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used<br>as Instructional Materials<br>__ local poetical composition |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | *The lesson have successfully<br>delivered due to:*<br>___ pupils' eagerness to learn<br>___ complete/varied IMs<br>___ uncomplicated lesson<br>___ worksheets<br>___ varied activity sheets<br>*Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary<br>activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/<br>Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's<br>Cooperation in<br>doing their tasks | *The lesson have successfully<br>delivered due to:*<br>___ pupils' eagerness to learn<br>___ complete/varied IMs<br>___ uncomplicated lesson<br>___ worksheets<br>___ varied activity sheets<br>*Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary<br>activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/<br>Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's<br>Cooperation in<br>doing their tasks | *The lesson have successfully<br>delivered due to:*<br>___ pupils' eagerness to learn<br>___ complete/varied IMs<br>___ uncomplicated lesson<br>___ worksheets<br>___ varied activity sheets<br>*Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary<br>activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/<br>Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation<br>in<br>doing their tasks | *The lesson have successfully delivered<br>due to:*<br>___ pupils' eagerness to learn<br>___ complete/varied IMs<br>___ uncomplicated lesson<br>___ worksheets<br>___ varied activity sheets<br>*Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary<br>activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/<br>Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in<br>doing their tasks | *The lesson have successfully<br>delivered due to:*<br>___ pupils' eagerness to learn<br>___ complete/varied IMs<br>___ uncomplicated lesson<br>___ worksheets<br>___ varied activity sheets<br>*Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary<br>activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/<br>Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation<br>in<br>doing their tasks |